

Mag-iiba ng mga Lokasyon ang Collier County Recovery Center.

Release Date: November 7, 2022

BRANDON, Fla. – Ang Disaster Recovery Center sa Collier County ay mag-iiba ng mga lokasyon.

Ang center sa Veteran's Community Park, 1895 Veteran's Drive, Naples, 34109 ay permanenteng magsasara sa Linggo, Nob. 6 sa 6 p.m.

Isang pansamantalang center magbubukas sa Lunes, Nov. 7 sa 1:30 p.m.

Ang adres ay:

Collier Museum at Government Center

3331 Tamiami Trail East, Naples, FL 34112

Simula Martes, Nob. 8 hanggang permanenteng magsasara ang center sa Linggo, Nob. 13, ang oras ng operasyon ay 9 a.m. hanggang 6 p.m.

Nagbibigay ang mga Sentro ng Pagbangon mula sa Sakuna (Disaster Recovery Center) sa mga nakaligtas sa sakuna ng impormasyon mula sa mga ahensya ng estado ng Florida, FEMA, at U.S. Small Business Administration (Pangasiwaan ng Maliit na Negosyo ng U.S.). Makakakuha ng tulong ang mga nakaligtas sa sakuna sa pag-aplay para sa tulong ng pederal at mga pautang sa kalamidad, mag-update ng mga aplikasyon at matuto tungkol sa iba pang magagamit na mapagkukunan.

Mayroong ilang mga Disaster Recovery Center na tumatakbo sa buong 26 na itinalagang mga county na karapat-dapat para sa tulong ng FEMA. Para makahanap ng center na malapit sa iyo, mag-online sa: [DRC Locator](#) o floridadisaster.org, o i-text ang DRC kasama ang iyong zip code sa 43362.

Sa kasalukuyan, ang lahat ng mga center ay bukas pitong beses sa isang linggo. Maaaring mag-iba ang mga oras. Hindi kailangan ng appointment para makakuha



FEMA

Page 1 of 2

ng tulong.

Hindi kailangang bumisita sa isang sentro para mag-aplay. Ang mga nakaligtas ay maaaring mag-online

sa [disasterassistance.gov](https://www.disasterassistance.gov), gamitin ang [FEMA mobile app](#) o tumawag sa 800-621-3362. Bukas ang linya araw-araw mula 7 a.m. hanggang 11 p.m. ET. Mayroong tulong sa halos lahat ng wika. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng relay, tulad ng video relay (video relay service, VRS), teleponong may caption, o iba pang serbisyo, ibigay sa FEMA ang numero para sa serbisyong iyon. Para makita ang isang accessible video tungkol sa kung paano mag-apply, bumisita sa: [Three Ways to Register for FEMA Disaster Assistance - YouTube](#).

May mga serbisyo ng interpreter at mga isinaling materyal na makukuha sa mga center na ito para tulungan kang makipag-usap sa wikang pinakakomportable kang gamitin. Pinipili ang mga lokasyon ng Sentro ng Pagbangon mula sa Sakuna (Disaster Recovery Center) para sa kanilang pagiging madaling ma-access, na may layuning maabot ang mas maraming tao hanggang posible.

Bukod sa mga sentro, ang mga pangkat ng FEMA Tulong sa Nakaligtas sa Sakuna (Disaster Survivor Assistance, DSA) ay nagka-canvass sa mga kapitbahayan sa mga lugar na naapektuhan ng Hurricane Ian upang matulungan ang mga residente na mag-aplay para sa tulong ng FEMA at sagutin ang mga tanong tungkol sa pederal na tulong. Ang mga pangkat ng DSA ay nagsusuot ng FEMA attire at may mga badge ng pagkakakilanlan ng pederal na may larawan. Walang bayad para sa serbisyo.

Ang Indibidwal na Tulong ng FEMA ay maaaring makatulong sa mga pansamantalang gastusin sa tuluyan, pangunahing pagkukumpuni ng bahay at iba pang mahahalagang pangangailangan na may kaugnayan sa sakuna.



FEMA

Page 2 of 2